

Alamin ang tungkol sa pinsala ng hangin at baha.

Bakit dumarami ang malalaking sakuna dulot ng malakas na pag-ulan at bagyo nitong mga nakaraang taon? Isipin natin ang pinsala.

01

Pinsala sa Prepektura ng Nagano dahil sa East Japan Typhoon noong 2019

Dahil sa paglapit at pagdaan ng 2019 East Japan Typhoon (Typhoon No. 19), ang prepektura ng Nagano ay tinamaan ng napakalakas na ulan at hangin mula ika-12 hanggang ika-13 ng Oktubre. 43 munisipalidad ang inisyuhan ng espesyal na babala ng malakas na ulan, at inihayag din ang impormasyon sa pagbaha ng Ilog ng Chikuma. Sa basin ng Ilog ng Chikuma, nangyari ang pagbaha dahil sa pagguho ng mga pampang, pagkasira ng mga dike at dam, pag-apaw, at iba pang mga kadahilanan na nagdulot ng malalang pinsala sa maraming tahanan, paaralan, pampublikong pasilidad, pasilidad medikal, at iba pa. Dagdag pa rito, nasira ang mga kalsada, nabuwal ang mga puno, at nagkaroon ng mga pagguho ng lupa na nagdulot ng malawakang pagkawala ng kuryente at malaking pinsala sa mga linya ng buhay. Ang East Japan Typhoon na nagdala ng malakas na ulan na hindi pa nararanasan noon ay kumitil ng mahalagang buhay at nagdulot ng masakit na epekto sa buhay ng mga tao. Hindi natin alam kung kailan ulit mangyayari ang ganito kalaking sakuna. Kailangan nating matuto mula sa mga nakaraang sakuna, at ilapat ang mga aral na iyon sa mga aktibidad sa pag-iwas sa kalamidad sa hinaharap.

02

Mga nakaraang sakuna sa Lungsod ng Kofu

Mula ika-11 hanggang ika-12 ng Setyembre 2000, ang autumn rain front sa ibabaw ng Honshu ay naging aktibo dahil sa pagdaloy ng mainit at maalinsangang hangin mula sa Typhoon No. 14 na nagresulta sa malalakas na pag-ulan sa maraming lugar sa buong bansa. Dahil sa malakas na pag-ulan na ito, umabot sa 294.5 mm ang 24-oras na pag-ulan sa Lungsod ng Kofu, ang pinakamataas na naitala mula nang magsimulang mag-obserba ang Kofu Local Meteorological Observatory.




Pinsala ng baha sa Lungsod ng Nagano
Kuha mula sa NPO Disaster and Disaster Prevention
Volunteer Future Association



Pagbaha ng Ilog ng Takakura,
ang tributary ng Ilog ng Nigori


Alamin natin ang tungkol sa "linear precipitation belt" na madalas nating naririnig sa kasalukuyan

Tulad nang iminumungkahi ng pangalan nito, ito ay tumutukoy sa hitsura ng mga rain clouds na umiiral tulad ng mga linya. Ang koleksyon ng mga cumulonimbus na ulap na maaaring magdulot ng malakas na ulan at nananatili sa parehong lugar sa loob ng ilang oras ay tinatawag na linear precipitation belt. Dahil sa panganib ng malakihang natural na mga sakuna tulad nang pagguho ng lupa, sinimulang gamitin ng Japan Meteorological Agency ang "linear precipitation band occurrence information".




Inland flooding at external flooding

Ang inland flooding ay nagaganap kapag ang ulan na bumabagsak sa isang lungsod ay lumalampas sa kakayahan ng mga kanal ng tubigan at mga tubo ng kanal na nagdudulot nang paulit-ulit na pagbaha sa lugar. Ang external flooding ay tumutukoy sa pag-usbong ng tubig mula sa ilog na umaapaw mula sa mga dike o pagkasira ng mga dike na nagdudulot nang pag-agos ng tubig papasok sa mga lungsod. Maging ang mga lugar na malayo sa mga ilog ay nanganganib sa pagbaha kaya mag-ingat.



Inland flooding




External flooding

Sabay-sabay nating suriin



Nagulat ako nang aking malaman na may panganib pa rin nang pagbaha kahit walang malapit na ilog. Ngunit kung nakatira ka sa isang lugar na hindi pa binaha dati, kailangan mo bang mag-alala tungkol dito?



Sa mga nagdaang taon, ang mga natural na sakuna ay naging mas malala at madalas na lumilikha ng isang napakaseryosong sitwasyon. Hindi mahalaga kung kailan o saan ito mangyayari. Huwag makampante at sabihin na "ayos lang dito." Sa partikular, maraming mga ilog ang dumadaloy sa Kofu Basin at nasa likas na kalagayan na madaling tamaan ng pinsala mula sa pagbaha kaya mahalaga na magkaroon ng kaalaman dito at maging handa.


Upang limitahan ang pinsala

Suriin ang panganib ng sakuna sa paligid ng iyong bahay gamit ang isang mapa ng panganib sa baha, at alamin ang tungkol sa tamang pangangalap ng impormasyon at mga aksyon kung sakaling may emerhensiya.

01

Alamin natin ang tungkol sa topograpiya ng Lungsod ng Kofu


Ang Kofu Basin na matatagpuan sa pagitan ng mga bundok sa hilaga at timog ng lungsod ay mayroong maraming ilog, kabilang ang Ilog Fuefuki at Ilog Kamanashi at nasa ilalim ng natural na mga kondisyon na madaling mapinsala ng baha. Dahil mayroon itong iba't ibang topograpiya, kabilang ang mga matarik na dalisdis at mababang lupain, ito ay madaling tamaan ng baha, at pagbaha sa mga mababang lugar dahil sa mahaba at malakas na pag-ulan. Sa ganitong mga lugar, ang "lumikas palayo sa mga ilog" at "lumikas sa mas mataas na lugar" ay dapat gamitin bilang mga patnubay sa paglikas sa panahon ng baha.



02

Suriin ang mapa ng panganib sa baha

Ipinapakita nito ang mga lugar, lalim, mga itinalagang mga lugar ng paglikas, at iba pa kung saan inaasahan ang pagbaha kapag ang mga ilog sa lungsod ay umapaw dahil sa inaasahang malakas na ulan. Unawain natin nang maaga ang sitwasyon sakaling magkaroon ng kalamidad na may kinalaman sa tubig, at tiyakin ang ligtas na mga ruta ng paglikas, mga lugar ng paglikas, at mga paraan nang pakikipag-ugnayan sa pamilya.



Mapa ng panganib sa baha
ng Lungsod ng Kofu



03

Suriin natin ang impormasyon sa pag-iwas sa sakuna mula sa Lungsod ng Kofu

Upang malawakang maipakalat ang "impormasyon sa paglikas" tulad ng mga tagubilin sa paglikas at "impormasyon sa mga pagbubukas ng mga evacuation center," iba't ibang paraan nang paghahatid ng impormasyon ang ginagamit. Pakitingnan ang pahina 35 at 36 para sa mga detalye.



Pangadministratibong
radyo sa pag-iwas sa
kalamidad



Email



Pag-anunsyo ng
datos sa telebisyon



Internet

Impormasyon sa paglikas at mga aksyon na dapat gawin

Kung inilabas ang alert level 3 o mas mataas, mahalaga na lumikas papunta sa isang ligtas na lugar upang tiyakin ang iyong sariling kaligtasan. Bago ilabas ang alert level 4 na utos ng paglikas, lumikas sa itinalagang lugar ng paglikas, sa mga tahanan ng mga kamag-anak o kaibigan na ligtas, o isaalang-alang ang paglikas nang pataas sa bahay.

Antas ng babala		Impormasyon sa paglikas, at iba pa
5	 Pagkakaroon ng sakuna o posibilidad nang pagkakaroon nito	KINKYŪANZEN KAKUHO 緊急安全確保 Pang-emerhensiya na kasiguruhan sa kaligtasan*1
Tiyaking lumikas sa antas ng babala na 4		
4	 Mataas na panganib ng sakuna	HINANSHIJI 避難指示 Utos ng paglikas*2
3	 Panganib ng sakuna	KŌREISHATŌ HINAN 高齢者等避難 Paglikas ng matatanda, at iba pa*3
2	 Mas lumalalang kondisyon ng panahon	Abiso ukol sa malakas na ulan/baha/daluyong (Japan Meteorological Agency)
1	 Panganib ng lumalalang kondisyon ng panahon sa hinaharap	Impormasyon sa maagang babala (Japan Meteorological Agency)

*1 Ang antas ng babala 5 ay hindi palaging inilalabas dahil maaaring hindi palaging may tiyak na paraan ang mga munisipalidad para suriin ang sitwasyon ng kalamidad.


*2 Ang mga utos sa paglikas ay ibinibigay sa oras ng mga abiso sa paglikas bago ang rebisyon ng Disaster Countermeasures Basic Act ng 2021.

*3 Ang antas ng babala 3 ay ang pagkakataon para sa mga tao maliban sa mga matatanda na magsimulang suspindihin ang kanilang karaniwang mga aktibidad kung kinakailangan, maghanda para sa paglikas, at kusang lumikas kung nararamdaman nila ang panganib.

Sabay-sabay nating suriin



Ano ang maaari kong gawin upang mabawasan ang pinsalang dulot ng mga bagyo at baha? Mangyaring sabihin sa akin kung ano ang dapat kong gawin sa araw-araw.



Dahil maaaring mahulaan ang mga sakuna na may kaugnayan sa hangin at tubig, maaaring mabawasan ang pinsala sa pamamagitan ng pang-araw-araw na paghahanda at pagkolekta ng impormasyon. Magandang ideya na tingnan ang mapa ng panganib upang makahanap ng ligtas na ruta patungo sa itinalagang lugar ng paglikas at aktwal na maglakad patungo rito. Mangyaring magkaroon ng kamalayan na ang paglalakbay sa gabi ay mas matagal kung may mga kasamang matatanda. Magkaroon ng pagpupulong kasama ang pamilya tungkol sa pag-iwas sa sakuna, at kumpirmahin kung paano makipag-ugnayan, at kung saan lilikas.

Pinsala ng hangin at baha

Protektahan ang iyong sarili mula sa hangin at pinsala sa baha. ①

Kung may pagbaha at paglubog na maganap, maaaring maharap sa panganib na hindi maiisip na mangyari sa pang-araw-araw na buhay. Alamin kung ano ang mga panganib at kung ano ang mga aksyon na dapat gawin.

01

Isaalang-alang ang decentralized na paglikas!

Kapag tumaas ang panganib ng pagbaha, ang mga tao sa mga mapanganib na lugar ay dapat lumikas sa isang ligtas na lugar upang protektahan ang kanilang sarili. Gayunpaman, hindi na kailangang pumunta sa lugar ng paglikas kung ikaw ay nasa ligtas na lugar. Bukod dito, sa konteksto ng pandemya ng COVID-19, ang decentralized na paglikas o pag-iwas sa "Three Cs" (closed spaces, crowded places, close-contact settings) ay epektibo para sa pag-iwas sa pagkalat ng impeksyon. Ang pinsala sa baha ay maaaring mahulaan nang maaga kaya isaalang-alang ang paglikas sa isang ligtas na lokasyon tulad ng bahay ng isang kamag-anak o kakilala o isang mataas na gusali. Bilang karagdagan, kung ikaw ay nasa isang lugar kung saan ang pagbaha ay inaasahang mas mababa sa 3 metro at maaari kang ligtas na manatili sa ikalawang palapag o mas mataas ng iyong bahay o apartment complex, isang opsyon para sa paglikas ay manatili sa bahay. Una, suriin kung ligtas ang iyong tahanan at pagkatapos ay gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa paglikas tulad nang pag-iimbak ng pagkain hanggang sa humupa ang tubig.




02

Ang tubig sa panahon ng sakuna ay hindi malinaw.

Ang ilog na mas mabilis ang daloy dahil sa malalakas na ulan, at pagtaas ng antas ng tubig ay hindi malinaw kundi malabo. Hindi mo alam kung ano ang magiging hitsura ng kalsada kapag ito ay binaha ng putik at maraming mga panganib tulad nang pagbagsak sa mga daluyan ng tubig o mga lubak!



Normal na kalsada



Isang kalsada na umaapaw sa putik


03

Kinakailangan ang pag-iingat sa mga paa at sa suot para sa mga ito.

Ipinagbabawal ang mga nakapaa at nakabota. Ang mga sapatos na pang-atleta na may mga sintas ay magandang ideya. Bukod dito, may mga nakatagong panganib sa ilalim ng tubig tulad ng mga manhole at kanal. Gamitin ang isang patpat (tulad ng isang payong) sa paglalakad habang tinitiyak ang kaligtasan.



Daloy ng pagpapasiya ng gawi sa paglikas




Nilikha batay sa Cabinet Office Disaster Management Website "Evacuation Action Decision Flow"

Sabay-sabay nating suriin



Anong mga pag-iingat ang dapat gawin kapag lumilikas, at anong mga hakbang ang dapat gawin kung mananatili sa bahay sa halip na lumikas?



Mapanganib na lumabas kapag lumakas ang ulan o hangin. Simulan ang paglikas nang maaga. Kung mababa ang panganib ng sakuna, manatili sa bahay, i-charge ang iyong smartphone o tablet kung sakaling mawalan ng kuryente. Ito ay mahalaga para sa pagkolekta ng impormasyon at pakikipag-ugnayan. Punuin ng tubig ang iyong bathtub kung sakaling maputol ang suplay ng tubig, at magtabi ng bag na may mga pang-emerhensiya na bagay sa malapit sakaling kailanganin mong lumikas. Maaari itong maging mapanganib sa panahon ng malalakas na hangin, kaya't mangyaring lumayo mula sa mga bintana.

Pinsala ng hangin at baha


Protektahan ang iyong sarili mula sa pinsala ng hangin at baha. ②

Pag-isipan kung saan, paano, at kung ano ang iyong dadalhin, at talakayin ang mga partikular na hakbang para sa paglikas kasama ng iyong pamilya.

01

Suriin natin ang lugar ng paglikas at ruta ng paglikas.


Ang mga lugar ng paglikas ay tinutukoy ayon sa uri ng sakuna, tulad ng mga lindol, baha, at pagguho ng lupa. Kaya kinakailangang suriin nang maaga ang mga lugar ng paglikas at mga ruta ng paglikas depende sa sakuna, gayundin ang mga mapanganib na lugar.



02

Mahalaga rin na makita ang baha mula sa gilid.

Kung ang lalim ng tubig ay umabot sa 3 metro o higit pa, inaasahang mababaha rin ang ikalawang palapag. Kung maantala ang paglikas sa isang dalawang palapag na bahay, maaari itong maging mapanganib, kaya't mangyaring bigyan-pansin hindi lamang ang impormasyon sa paglikas kundi pati na rin ang impormasyon sa antas ng tubig. Ang red tape na malinaw na ipinapakita kasama ang tinantyang lalim ng baha ay nagpapahiwatig ng aktwal na lalim ng baha.



03

Suriin kung may mga panganib sa paligid ng bahay. Tingnan natin!

Sa paligid ng bahay na ating tinitirhan araw-araw, maaaring mayroong hindi inaasahang panganib. Panatilihin malinis at maayos ang mga halaman, propane gas, at iba pa upang maiwasang tumagilid o mahulog dahil sa malakas na hangin na dulot ng mga bagyo. Suriin din ang lakas ng mga bloke na pader at mga tile sa bubong.

Balkonahe

Ipasok sa loob ng bahay ang mga bagay na maaaring ilipad ng hangin tulad ng mga nakapaso na halaman at sampayan.

Bubong

Mayroon bang anumang mga bitak, sirang parte, pag-angat, o pagbabalat ng mga tile?

Panlabas na pader

Mayroon bang mga bitak sa mga dingding ng mortar, at iba pa? Mayroon bang anumang bulok o maluwig sa dingding ng board?

Pader

Mayroon bang mga bitak o pinsala sa mga dingding sa paligid ng bahay?

Propane gas


Maayos ba ang propane gas cylinder?

Mga kanal / drainage ng ulan

Ang mga kanal ba ng ulan at mga paagusan ay barado ng mga nahulog na dahon at dumi?

Salamin sa bintana

Mayroon bang anumang mga bitak o pagkaluwag sa frame ng bintana?



Gumawa ng sarili mong timeline!

Ang My Timeline ay kung saan ka magpapasya nang maaga kung anong mga aksyon ang gagawin sakaling magkaroon ng sakuna ayon sa pagkakasunod-sunod. Talakayin natin ang mga kinakailangang pagkilos sa paglikas ayon sa istruktura ng iyong pamilya, kapaligiran ng pamumuhay, at iba pa, at lumikha ng iyong sariling timeline.

Upang maisaayos nang maaga ang mga destinasyon ng paglikas at mga pagkilos sa paglikas, isinusulong ng lungsod ang paglikha ng My Timeline. Sa pamamagitan ng pagpapasya sa mga destinasyon ng paglikas at pag-oorganisa ng mga aksyon ayon sa mga antas ng alerto tulad ng impormasyon sa paglikas, at panahon na buod sa talahanayan dito, kinakailangang maghanda para sa paglikas at gumawa ng mga aksyon para gawin ito. Sa ilang mga kaso, maaari itong humantong sa naaangkop na paglikas. Bilang karagdagan, kung magdedesisyon ka nang maaga kung saan dapat lumikas ang bawat tao at ibahagi ang impormasyong ito sa komunidad, hindi lamang ito hahantong sa maagap na pagkilos nang paglikas kundi pati na rin ng suporta para sa paglikas.

Halimbawa ng entry


Ang aking Evacuation Action Plan (My Timeline)

1	2	3	4	5
Antas ng pag-iingat Impormasyon na humihimok sa mga mamamayan na kumilos mula sa "Antas ng pag-iingat 3" ang lungsod ay naglilabas ng ilang utos.	Isaalang-alang ang tiyempo ng iyong paglikas batay sa impormasyon ng paglikas, impormasyon ng panahon, at oras na kinakailangan upang maabot ang iyong patutunguhan ng paglikas. Maghandang sa telepono,	3 KOREISHATŌ HINAN 高齢者等避難 Paglikas ng matatanda, at iba pa	4 HINANSHUJI 避難指示 Utos ng paglikas	5 KINKYŪANZENKAKUHO 緊急安全確保 Pang-emerhensiya na kaiguruhan sa kaligtasan
Malakas na ulan Sakuna nang pagguho ng lupa at bato Baha Itinalagang pagtataya ng baha sa ilog Impormasyon sa antas	Impormasyon sa maagang babala Paunawa sa malakas na ulan Paunawa ukol sa baha Impormasyon sa babala sa baha Paunawa sa antas ng tubig ng baha Paalala sa malakas na hangin	Babala sa malakas na ulan Babala sa baha Impormasyon tungkol sa babala ng baha Ang antas ng tubig desisyon ng paglikas Babala sa bagyong	Impormasyon tungkol sa babala ng landslide 3 Isulat ang oras ng pagsisimula ng paglikas. *Kung ikaw ay lilikas sa bahay ng isang malayong kamag-anak sa pamamagitan ng kotse, dapat mong simulan ang iyong paglikas nang mas maaga upang maiwasan ang pagbaha o trapiko.	Espesyal na babala sa malakas na ulan
Isulat ang destinasyon ng paglikas, paraan ng paglikas, at ang oras na aabutin.	Isulat kung ano ang dapat mong gawin bago magsimula ang paglikas.	Ang mga nangangailangan ng oras upang lumikas tulad ng mga matatanda ay dapat lumikas mula sa mga mapangamb na lugar.	*Magsisimula na ang paglikas! *Tawagan ang iyong mga kapitbahay at lumikas.	Antas 4 Lumulupat 5 Suriin kung ano ang iyong sinuri kapag naghahanda para sa paglikas.
Ang aking destinasyon ng paglikas. OO School Paano lumikas? On foot Oras na igugugol upang makarating sa itinalagang lugar	Aking mga kaibig *Suriin ang landas ng bagyo sa telebisyon at iba pa. *Suriin ang iskedul ng iyong pamilya. *Suriin at linisin ang hardin. *Suriin ang mapa ng panganib. *Suriin ang impormasyon ng panahon at antas ng tubig sa ilog. *Kumpirmahin ang ruta ng paglikas, mga nakaimbak at pang-emerhensiya na bagay. *Pag-charge ng mobile phone.	Paghahanda para sa paglikas ☒ Kumpirmahin ang destinasyon ng paglikas ☒ Pinaagutan ng apoy, lock ng pinto, breaker ☒ Pinaalam sa mga kamag-anak uhan sa paglikas ☒ Panimiling mga kailangang gamit ☒ Ipaalam sa mga kamag-anak uhan sa paglikas	Pagsusuri ng mga ☒ Pagsisi/inumin na tubig ☒ Pera ☒ Regular na gamot ☒ Insurance ☒ Mga gamit sa ulan/pamalit na damit	Ang mga nangangailangan ng oras upang lumikas tulad ng mga matatanda ay dapat lumikas mula sa mga mapangamb na lugar.

Sabay-sabay nating suriin



Kung talagang papalapit ang isang sakuna, mayroon ka bang dapat gawin araw-araw upang makalikas nang ligtas?



Ayusin ang "kailan" at "kung ano ang gagawin" at gumawa ng sarili mong plano sa pagkilos sa paglikas sa My Timeline. Sa proseso ng paglikha ng My Timeline, maaari mong malaman ang tungkol sa mga lokal na panganib sa baha at pataasin ang kamalayan sa pag-iwas sa sakuna sa pamamagitan nang pagsuri sa mga mapa ng panganib sa baha. Ugaliin natin na ang buong pamilya ay mag-isip tungkol sa pag-iwas sa sakuna sa araw-araw at maghanda nang naaayon.



Gumawa tayo ng sarili mong My timeline!

Ang My Timeline ay isang gabay lamang para sa iyong mga aksyon. Mangyaring suriin ang impormasyon ng paglikas at panahon nang madalas at kumilos nang may kakayahang umangkop ayon sa sitwasyon.

Ang aking Evacuation Action Plan (My Timeline)

Antas ng pag-iingat		1	2
Impormasyon sa paglikas	Impormasyon na humihimok sa mga mamamayan na kumilos Mula sa "Antas ng pag-iingat 3" ang lungsod ay naglalabas ng isang utos.	Maghanda para sa paglikas sa pamamagitan ng pagsusuri sa impormasyon ng panahon sa telebisyon, radyo, internet, mga smart-phone, at iba pa.	
	Impormasyon sa panahon, antas ng tubig, at iba pa	Malakas na ulan Sakuna nang pagguho ng lupa at bato Baha Itinalagang pagtataya ng baha sa ilog Impormasyon sa antas ng tubig sa ilog (Bagyo)	Impormasyon sa maagang babala Impormasyon sa maagang babala
Kinakailangan na aksyon		☐ Suriin ang impormasyon ng panahon at paglikas. ☐ Mga paghahanda sa paglikas tulad nang pagsuri sa mga impormasyon ng paglikas at mga pang-emerhensiya na bagay na dapat gawin.	
Ang aking destinasyon ng paglikas. Paano lumikas? Oras na igugugol upang makarating sa itinalagang lugar ng paglikas 		Aking mga kilos 	
		Paghahanda para sa paglikas ☐ Kumpirmahin ang destinasyon ng paglikas/ruta ng paglikas ☐ Pamimiling ☐ Pinagmumulan ng apoy, lock ng pinto, breaker ☐ Ipaalam sa pangangasiwa ang patutung	

 Panoorin natin ang video
Ipapakita ko sa iyo kung
paano isulat ang My Timeline.



	3	4	5
n on	KÔREISHATÔ HINAN 高齢者等避難 Paglikas ng matatanda, at iba pa	HINANSHIJI 避難指示 Utos ng paglikas	KINKYŪANZENKAKUHO 緊急安全確保 Pang-emerhensiya na kasiguruhan sa kaligtasan
a ulan	Babala sa malakas na ulan	Impormasyon tungkol sa babala ng landslide	Espesyal na babala sa malakas na ulan
	Babala sa baha		
	Impormasyon tungkol sa babala ng baha	Impormasyon tungkol sa panganib ng baha	Impormasyon sa pagbaha
ig	Ang antas ng tubig sa desisyon ng paglikas	Ang antas ng tubig na nag- dudulot ng panganib	Pagkakaroon ng pagbaha
ngin	Babala sa bagyo		Espesyal na babala sa bagyo
ruta t dalhin	Ang mga nangangailangan ng oras upang lumikas tulad ng mga matatanda ay dapat lumikas mula sa mga mapanganib na lugar.	Ilikas ang lahat mula sa mga mapanganib na lugar.	Panganib sa buhay Gumawa kaagad ng kinakailangang aksyon upang matiyak ang kaligtasan!

Antas 4
Lumikas ang
lahat!

as

mga kailangang gamit

milya at mga kamag-anak
uhan sa paglikas

Pagsusuri ng mga pang-emerhensiya at mga nakaimbak na bagay

- ☐ Pagkain/inumin na tubig
 ☐ Insurance card
 ☐ Mobile phone
☐ Pera
 ☐ Regular na gamot
 ☐ Mga gamit sa ulan/pamalit na damit

Lindol

Pinsala ng
hangin at baha

Pagguho
ng lupa

Pinsala dulot
ng niyebe

Sunog

Maghanda

Sentro ng
Paglikas FAQ